



**KONSEHONG PONTIPIKAL
PARA SA PAKIKIPAGDIYALOGO SA IBA'T-
IBANG RELIHIYON**

**PAHATID PARA SA PAGWAWAKAS NG RAMADAN
'Id al-Fitr 1432 H/ 2011 A.D.**

*Mga Kristiano at Muslim:
Magkasamang Nagbubunsod ng Katangiang Espiritwal ng Tao*

Lungsod ng Vatikano

Mga Minamahal na Kaibigang Muslim,

1. Ang pagwawakas ng buwan ng Ramadan ay nagbibigay sa Konseho Pontipikal para sa Pakikipagdiyalogo sa Iba't-ibang Relihiyon ng kasiyasiyang pagkakataon upang ipaabot sa inyo ang aming taos-pusong pagbati, taglay ang pag-asang ang mga pagsisikap na buong bukas-loob ninyong isinagawa sa buwang ito ay magdala ng inaasam na mga bungang espiritwal.
2. Sa taong ito, minarapat naming bigyan ng pangunahing pansin ang temang umuugnay sa *katangiang espiritwal ng tao*. Ito ay tumutukoy sa isang katotohanang itinuturing ng mga Kristiano at Muslim na may pangunahing kahalagahan, yayamang nahaharap tayo sa mga hamon ng materyalismo at sekolarismo. Ang pakikipagugnay ng tao sa dakilang-higit-sa-kanya ay hindi isang pagkakataon o isang yugto lamang ng kasaysayan; manapa, ito ay bahagi ng kanyang kalikasan. Tayo ay hindi naniniwala sa kapalaran; tayo ay kumbinsido - at higit pa, ito ang ating karanasan - na ang Diyos ay gumagabay sa ating landas.
3. Ang mga Kristiano at Muslim, sa kabila ng kanilang mga pagkakaiba, ay kumikilala sa karangalan ng tao na nagtataglay ng mga karapatan at pananagutan. Nauunawaan nilang ang karunungan at kalayaan ay tunay na mga kaloob na marapat lamang na magtulak sa mga mananampalataya na kilalanin ang mga pagpapahalagang ito na pinagsasaluhan dahil sila ay nakabatay sa iisang kalikasan ng tao.
4. Ito ang dahilan kung bakit ang pagsasalin ng ganoong makatao at moral na pagpapahalaga sa bagong henerasyon ay pagkabahalang pinagtutuwangan natin. Tungkulin nating tulungan silang matuklasan na may masama at mabuti, na ang budhi ay isang santuaryo na dapat igalang, na ang pagpapanday ng katangiang espiritwal ay humuhubog sa atin upang maging higit na mapanagutan, mapagsuporta at laan para sa kabutihang pangkalahatan.
5. Ang mga Kristiano at Muslim ay malimit na saksi sa paglapastangan sa banal, sa kawalang-pagtitiwala na ang pinatutungkulan ay ang mga nagtataguring ang sarili ay mananampalataya. Hindi maaaring di natin tuligsain ang lahat ng anyo ng panatisismo at pananakot, mga haka-hakang mali at mga panunuligsa, ganoon din ang diskriminasyon sa larangan ng buhay panlipunan at politikal, at maging sa pangmadlang pakikipagtalastasan (*mass media*), na may mga pagkakataong ang pinagtutuunan ay ang mga mananampalataya.

6. Kami ay lubhang malapit sa inyo sa espirital na paraan, mga minamahal na Kaibigan. Sumasamo kami sa Diyos na pagkalooban kayo ng panibagong lakas na espirital samantalang ipinaabot namin sa inyo ang aming mga pagbati ng kapayapaan at kagalakan.

Jean-Louis Kardinal Tauran
Pangulo

Arsobispo Pier Luigi Celata
Kalihin

**PONTIFICAL COUNCIL
FOR INTERRELIGIOUS DIALOGUE**
00120 Vatican City

Telephone: 0039.06.6988 4321 / 06.6988 3648

Fax: 0039.06.6988 4494

E-mail: dialogo@interrel.va

http://www.vatican.va/roman_curia/pontifical_councils/interelg/index_it.htm